SOUTHERN CALIFORNIA EDISON®
Energy for What's Ahead®

Programang *Power Saver Rewards* (PSR)

KUMITA NG MGA KREDITO SA SINGIL O *BILL* PARA SA PAGTITIPID NG ENERHIYA SA PANAHON NG TAG-INIT.

Ang kusang loob na pagtitipid ng kuryente sa panahon ng mga buwan ng tag-init ay makakapagpababa sa singil sa inyong enerhiya. Dagdag pa rito, kung babawasan ninyo ang inyong paggamit sa panahon ng mga itinalagang kaganapan, tatanggap kayo ng taunang mga kredito sa *bill* sa pamamagitan ng programang *Power Saver Rewards*.

MGA BINIBIGYANG-DIIN NG PROGRAMA

Kumita ng mga kredito sa *bill* sa pamamagitan ng pagtitipid sa enerhiya sa sambahayan sa panahon ng mga nakatakdang kaganapan ng programang *Power Saver Rewards*. Ang isang karaniwang kustomer na lalahok sa buong panahon ng tag-init ay maaaring kumita ng $40 sa mga kredito sa *bill*.*

Mga Detalye

- Kumita ng $2 para sa kada kWh na matitipid ninyo sa panahon ng isang kaganapan.
- Ang mga kaganapan ay maaaring itakda sa pagitan ng Mayo 1 at Oktubre 31 at sa pagitan ng ika-4 ng hapon at ika-9 ng gabi.
- Libre ang pagpapatala at ang paglahok ay kusang loob.
- Walang mga multa sa programa kung hindi ninyo babawasan ang inyong paggamit sa panahon ng isang kaganapan.

Programang gantimpala sa panahon ng tag-init.

Ang programang PSR ay isang programang tumutugon sa pang-residensiyal na pangangailangan na nagbibigay sa inyo ng gantimpala para sa kusang loob na pagbabawas sa inyong paggamit ng enerhiya sa mga panahon ng kaganapan ng programa. Ang mga kaganapan ay nakatakda upang mapigilan ang mga pagkawala ng kuryente sa panahon ng tag-init kapag napupuwersa ang *grid*. Kapag tumulong kayo na maibsan ang puwersa o *stress* na ito sa pamamagitan ng pagbabawas ng paggamit ninyo ng enerhiya sa inyong sambahayan sa panahon ng isang kaganapan ng programa, kikita kayo ng $2 na mga kredito sa *bill* sa bawat kilowatt-hour (kWh) ng kuryente na inyong natipid. Ang isang karaniwang kustomer na nagpapababa sa paggamit ng enerhiya sa panahon ng walong kaganapan sa loob ng isang taunang panahon ay maaaring kumita ng $40 sa mga kredito sa *bill*.*

Mga kaganapan ng programa at pagtatakda.

Ang programang PSR ay tatakbo tuwing tag-init sa pagitan ng Mayo 1 at Oktubre 31. Sa panahon ng mga buwang ito, ang mga kaganapan ay maaaring itakda sa pagitan ng ika-4 ng hapon at ika-9 ng gabi sa mga araw na ang pangangailangan sa kuryente ay mataas. Kapag ang isang kaganapan ay naitakda, aabisuhan namin kayo sa pamamagitan ng *email* nang mas maaga nang isang araw bago ang nakatakdang kaganapan o maaari kayong mag*sign-up* para sa mga notipikasyon sa *text*.

Programang *Power Saver Rewards* (PSR)

Para sa dagdag pang kadalian, makakapag-*download* din kayo ng libreng *mobile app* ng ClimateResponse ng aming katuwang sa programa na Olivine, Inc. mula sa App Store o Google Play upang makatanggap ng mga notipikasyon ng kaganapan at mga makakatulong na tip kaugnay ng pagtitipid sa enerhiya na ipinadala nang diretso sa inyong mismong *smartphone*.

Paano lalahok sa mga kaganapan ng programa.

Lumahok sa pamamagitan ng pagpapababa ng paggamit ng enerhiya sa inyong sambahayan sa panahon ng mga oras ng kaganapan. Naririto ang ilang paraan upang makatipid kayo ng enerhiya:

- Itaas ang inyong *thermostat* sa 78˚ o mas mataas pa, gumamit ng mga bentilador o ng natural na hangin sa gabi sa halip na mag-*aircon* at/o palamigin ang inyong tahanan bago ang panahon ng mga oras ng kaganapan.
- Iwasan o limitahan ang paggamit ng malalaking kasangkapan tulad ng mga *dishwasher, washing machine, dryer,* at *electric oven* sa panahon ng mga oras ng kaganapan.
- Patayin ang mga ilaw at elektronikong gamit, tulad ng mga *desktop computer*, telebisyon at *gaming system*, kung hindi ginagamit.
- Idiskonekta ang mga elektronikong gamit na de-baterya, tulad ng mga *laptop, tablet*, at telepono.

Maaari din ninyong isaalang-alang ang paglilipat ng mga paggamit ng aktibidad na malakas gumamit ng enerhiya, tulad ng paggamit ng *dishwasher*, bago ang ika-4 ng hapon o pagkatapos ng ika-9 ng gabi sa mga araw ng kaganapan upang mabawasan ang pagkunsumo ng enerhiya. Walang mga multa kung wala kayong kakayahang lumahok, subalit mas maraming enerhiya ang inyong matitipid sa panahon ng mga kaganapan, mas marami ang mga kredito sa *bill* na inyong kikitain.

Ang mga kinitang kredito sa *bill* ay pagsasama-samahin sa isang kabuuang halaga.

Kapag nakumpleto na ang panahon ng tag-init, kakalkulahin namin ang inyong mga kinita batay sa halaga ng mga natipid na kWhs sa panahon ng mga kaganapan ng programa. Ang mga kinita ay makikita bilang mga taunang kredito sa *bill* sa unang tatlong buwan o *quarter* ng susunod na taon. Tatanggap din kayo ng isang ulat para sa pagtatapos ng panahon na nagpapakita ng buod ng inyong natipid na enerhiya sa panahon ng programa, pati na ang impormasyon tungkol sa naging kredito sa inyong *bill*.

Libre ang pagpapatala.

Inaanyayahan kayo na magpatala sa programang *Power Saver Rewards* kahit kailan sa pamamagitan ng pagbisita sa **powersaver.sce.com**.

Kakailanganin ninyo ang mga sumusunod na impormasyon upang makapagpatala:

1. Pangalan at apelyido ng may ari ng *account* sa SCE.
2. Numero ng *account* ng serbisyo ng SCE, *address* ng serbisyo, lungsod at *zip code*.
3. *Email address* o numero ng *cell phone* upang makatanggap ng mga notipikasyon ng kaganapan.

Ang ilang kustomer ay maaaring awtomatikong maitala sa PSR. Kung kayo ay awtomatikong naitala, dapat ay tumanggap kayo ng isang notipikasyong nagwewelkam sa inyo sa pamamagitan ng koreo o sa email.

Magkaroon ng mga sagot sa mga karaniwang tanong.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang **powersaver.sce.com/faq**. Maaari din kayong magpadala sa amin ng *email* sa **PowerSaver@sce.com**.

Kumita ng mga kredito sa *bill* sa buong kahabaan ng panahon ng tag-init.

Naririto ang paraan kung paano tumatakbo ang PSR:

Inaasahan ang Kakulangan sa Tustos ng Enerhiya → **Nakatakdang Kaganapan** → **Tumanggap ng *Email* o Notipikasyon sa Text** → **Bawasan ang Paggamit ng Enerhiya** → **Kumita ng mga Kredito**

Ipinapalagay na ang *$40 na kredito sa *bill* kada panahon ng tag-init ay para sa .5 kW kada oras x 5 oras/kaganapan = 2.5 kWh/kaganapan x $2/kWh = $5/kaganapan x 8 kaganapan kada panahon (batay sa bilang ng mga Alertong *Flex* noong 2021) = $40 kada panahon ng tag-init.

Ang mga insentibo ay ilalapat sa unang *quarter* o tatlong buwan ng kasunod na taon at maaaring magkaiba-iba batay sa aktwal na nabawas na karga sa panahon ng (mga) kaganapang *Power Saver Rewards* at aktwal na bilang ng mga kaganapan.

Ang *Power Saver Rewards* ay pinamamahalaan ng Olivine, Inc. bilang isang programa ng Olivine ClimateResponse™

MAGSIMULA NA NGAYON

Upang masimulan ang pagkita ng mga kredito sa sandali ng susunod na kaganapan, bisitahin ang **powersaver.sce.com** upang makapagpatala.

©2022 Southern California Edison